
Vol.24 Tagalog
Impormasyon para sa mga dayuhan

# Ota City Navigation



2022.04

## Magbubukas ang Ota International Exchange Center (palayaw Minto Ota) sa Abril 11!

Ang Ota International Exchange Center Minto Ota ay nagbukas sa Keikyu-Kamata Station West Exit bilang bagong lokasyon para sa mga aktibidad ng Multiculturalism at Internationalization ng Ota-ku.Ang center ay may Global City Ota Cooperation Association, Multilingual Consultation Desk, at Internationalization and Multiculturalism Promotion Division ng Ota-ku. Hindi alintana kung saang bansa o lugar man ipinanganak, magbibigay dito ng suporta upang mamuhay ang mga tao nang may kapayapaan ng isip at nagsasagawa ng mga kaganapan upang maunawaan ang isa't isa, atbp.

Ang palayaw na "Minto Ota" ay ang kumbinasyon ng kahilingan na "(Magkasama) Minnato (lahat) (sa mundo)", at ng Ingles, na pangkalahatang wika, ng salita na Multicultural and International Network, Together in Ota. Ito ay nangangahulugan na "Magkasama sa Ota-ku, Multicultural International Network".

### Anong maaaring gawin sa Ota International Exchange Center Minto Ota



[Multilingual Consultation Desk]
Maaaring kumonsulta kapag may problema sa araw-araw na pamumuhay.
Mga wikang maaaring gamitin
Wikang Ingles, Wikang Intsik, Wikang Tagalog, Wikang Nepali, Wikang Vietnamese. Mayroon pang ibang wika na maaaring gamitin bukod dito. Kumonsulta lamang.




[Information and Exchange Corner]
Nakapost ang impormasyon ng iba't ibang bansa at lugar.
May mga mesa at upuan na maaaring gamitin nang malaya, at maaaring makipag-usap sa isa't isa ang mga kapwa gumagamit.



[Conference Room]
May malaking conference room na maaaring gamitin ng International Exchange Organization, atbp. Maaari itong hatiin sa 3 at gamitin. Magbibigay dito ng iba't ibang kurso sa wikang Hapon, suporta sa pag-aaral ng mga dayuhang bata.

Ang lokasyon ng Ota International Exchange Center ay nasa pahina 2




## Lokasyon ng Ota International Exchange Center

4-16-8 Kamata, Ota-ku 2F
Mga 2 minuto mula sa Keikyu-Kamata Station West Exit

Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981

Multilingual Consultation Desk
☎ 03-6424-4924

## Komento

Ambassador ng Global City Ota Mr. Liu Daji (mula sa China)



Pasilidad na maaasahan kapag may problema

Kung pupunta ka sa Multilingual Consultation Desk, maayos na sasabihin sa iyo ang mga kapaki-pakinabang na impormasyon sa pamumuhay, tumpak na impormasyon tungkol sa pamamaraan, atbp sa Ota-ku. Mangyaring huwag mag-atubuling kumonsulta. Bilang ambassador ng Global City Ota, ipapaalam ko sa inyo ang halina ng Ota-ku mula sa Minto Ota, kaya't hinihiling ko ang inyong atensyon.

Miyembro ng International Exchange Ms. Bethany Cummings (mula United Kingdom)



Sa lugar na nag-uugnay sa mga dayuhan at Ota-ku

Ang Minto Ota ay malapit sa Keikyu-Kamata Station at Tourist Information Center, at madali rin itong mapuntahan mula sa Haneda Airport, kaya nais kong gamitin ito ng maraming tao bilang lugar na mapagkakatiwalaan ng mga dayuhan. Gagawa rin tayo ng mga pagkakataon na maranasan ang iba't ibang kultura, at layunin natin ang Ota-ku kung saan maayos na namumuhay pati ang mga dayuhan.

**Makipag-ugnay sa**
Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
☎ 03-5744-1227 FAX 03-5744-1323 E-mail kokusai@city.ota.tokyo.jp

# Postpartum Housework/Childcare Support Program "Piyo-piyo Support"




Ang Piyo-piyo Support ay serbisyo na sumusuporta sa gawaing-bahay at pangangalaga ng bata upang mabawasan ang pasanin ng mga magulang na nag-aalaga ng bata sa kanilang tahanan. Bibisita ang katulong sa iyong tahanan at tutulong sa pagluluto, paglilinis at pag-aalaga ng bata. Malaki ang pagbabago ng kapaligiran ng panganganak at pangangalaga ng bata dahil sa coronavirus. Subukan gamitin ang serbisyo ng Ota-ku na madaling mapagkatiwalaan kahit sa mga maliliit na bagay. Halimbawa ng paggamit ng suporta: "Pagluluto at pagliligpit", "Kasama kapag lumalabas para sa health checkup o pamimili, atbp.", "Tulong para sa pangangalaga ng bata", "Pag-aalaga ng mga kapatid", "Paglilinis ng silid"

**Sino**: Mga sambahayang naninirahan sa Ota-ku at nag-aalaga ng bata na hanggang 2 taong gulang (hanggang bago ang kaarawan na maging 3 taong gulang), na hindi gumagamit ng serbisyo sa pangangalaga ng bata.

**Kailan**: Mula 9:00 am hanggang 9:00 pm ng Lunes hanggang Sabado

**Time limit sa paggamit**: 18 oras kada taon kada batang nasasakot sa serbisyong ito (mula 2 oras bawat 1 beses)

**Magkano**: 1,000 yen kada 1 oras May sistema ng pagbabawas at exemption

**Makipag-ugnay sa**
Child and Family Support Center Counseling Coordination (Strengthening Cooperation)
☎ 03-6410-8551 FAX 03-3763-0199

# Tungkol sa pag-iwan o pagtanggal ng bisikleta, atbp.

Ang mga bisikleta ay convenient at environmentally friendly na sasakyan. Sa kabilang banda, ang mga bisikleta na iniwan sa paligid ng mga istasyon, atbp. ay nagiging problema sa lipunan, tulad ng pagharang nito sa daanan ng mga pedestrian at mga sasakyang pang-emerhensiya, at nakakasira ito sa magandang tanawin ng lungsod. Bagama't bumubuti ang sitwasyon ng mga iniwang bisikleta, may naiiwang bisikleta pa rin sa paligid ng istasyon, atbp. Hinihiling naming ang inyong pang-unawa at kooperasyon upang lumikha ng ligtas na lungsod na walang iniwang mga bisikleta Hinihiling ng Ota-ku na huwag iwanan sa pampublikong lugar (mga lugar maliban sa parking area ng bisikleta tulad ng kalsada, parke, at liwasan sa harap ng istasyon ng tren) ang bisikleta alinsunod sa ordinansa. Kapag ipaparada ang bisikleta kahit na panandalian lamang, iparada ito sa parking area ng bisikleta. Alinsunod sa ordinansa, itinatakda ng Ota-ku ang ilang lugar sa harap ng istasyon ng tren bilang lugar kung saan ipinagbabawal ang pag-iwan ng bisikleta kaya regular na tinatanggal ang mga bisikleta sa nasabing lugar. Ang tinanggal na bisikleta ay karaniwang iniimbak sa imbakan sa loob ng 30 araw. Mangyaring tandaan na ang mga bisikletang lumipas na sa panahon ng pa-iimbak ay itatapon.

## Imbakan

Mayroong apat na lugar ng imbakan sa Ota-ku. Mangyaring kumpirmahin ang mga sumusunod para sa mga detalye. Mangyaring ihanda at dalhin ang mga kinakailangan na bagay upang maibalik ang iyong bisikleta sa araw ng pagbabalik at sa loob ng oras ng pagbabalik mula sa imbakan.

**Outline ng imbakan**

Araw ng pagbalik: Lunes hanggang Linggo (maliban sa holiday, inilipat na holiday, Disyembre 29 hanggang Enero 3)
Oras ng pagbabalik: 11:00 am hanggang 7:00 pm
Mga kinakailangan na bagay para sa pagbabalik:
① Mga dokumento na nagpapatunay ng pagkakakilanlan (Residence card, lisensya, atbp.)
② Susi ng bisikleta ③ Removal fee (3,000 yen para sa bisikleta)

Mangyaring sundin ang patakaran at manner, at gamitin ito nang tama.

Ipinagbabawal ang pag-iwan ng mga bisikleta, atbp.

Notification Board




## Nilalaman

- **Unang imbakan (imbakan sa ilalim ng Heiwajima overpass)**
  1-2 Heiwajima, Ota-ku
  ☎ 03-3765-5161
  Ang mga bisikletang tinanggal sa rehiyon ng Omori at rehiyon ng Chofu ay dadalhin dito.

- **Pangalawang imbakan (imbakan sa ilalim ng Miyako Ohashi-bridge)**
  5-1 Heiwajima, Ota-ku
  ☎ 03-3765-5162
  Ang mga bisikletang tinanggal sa silangang exit ng istasyon ng Kamata ay dadalhin dito.

- **Pangatlong imbakan (imbakan sa ilalim ng Miyako Ohashi-bridge)**
  Unahan ng Heiwanomori Park No. 2, Ota-ku
  ☎ 03-3765-5163
  Ang mga bisikletang tinanggal sa kanluran ng istasyon ng Kamata at istasyon ng Hasunuma, atbp, ay dadalhin dito.

- **Pang-anim na imbakan (imbakan sa ilalim ng Rokugo bridge)**
  4-30 Nakarokugo, Ota-ku
  ☎ 03-3736-0372
  Ang mga bisikletang tinanggal sa istasyon ng Keikyuu Kamata, istasyon ng Zoshiki, at istasyon ng Kojiya, atbp, ay dadalhin dito.

Imbakan ng mga iniwang bisikleta

**Makipag-ugnay sa**

Urban Infrastructure Development Management Division
☎ 03-5744-1315 FAX 03-5744-1527

# Sports and Health City Declaration Commemorative Project

## "Ika-15 OTA Walking -Let's walk the Tama-gawa River-"

Halina at magsaya at tamasin ang nakakapreskong sikat ng maagang summer sa paglalakad sa pampang ng Tama-gawa River hanggan sa Soramunado Haneda Green Space. Sa destinasyon na Soramunado Haneda Green Space Observatory Terrace, makikita roon ang paglipad at paglapag ng mga eroplano.

*Maaaring magbago ang nilalaman.

*Ang mga hakbang sa pag-iwas sa pagkalat ng impeksyon ng COVID-19 at desisyon sa pagkansela kapag mabagyo ang panahon ay ipapaalam ito sa website ng Sports Association. (Ang pagkansela sa araw na ito ay ipapaalam sa website nang 7:00 am)

**Sponsor** Ota-ku at (public interest incorporated foundation) Ota-ku Sports Association

**Pamamahala** Ota-ku Sports Promotion Committee Council

**Kailan** Mula Mayo 15, 2022 (Lunes), 9:00 am hanggang tanghali
*Isasagawa kapag umaambon

**Magkano** Libre

**Kurso** Nishikamata Park→Tabi ng Tama-gawa River→Soramunado Haneda Green Space (mga 8 km)

**Ilang tao** 180 katao (first come, first serve)

**Paano mag-apply** Kailangan ang paunang aplikasyon Mag-apply sa website ng aplikasyon o sa telepono o FAX Para sa FAX, isaad ang mga sumusunod na item. ① Address ② Pangalan ③ Edad ④ Numero ng telepono

**Mag-apply sa (Makipag-ugnay sa)** Public Interest Incorporated Foundation Ota Sports Association
☎ 03-5471-8787 FAX 03-5471-8789



## Pagre-recruit ng mga estudyante para sa ManaViva (Klase sa pagbabasa at pagsusulat ng wikang Hapon)

Ito ay lugar kung saan magsasagawa ng mga basikong pag-aaral ng pagbabasa at pagsusulat ng characters ng wikang Hapon na kailangan sa pamumuhay, tulad ng <hiragana>, <katakana>, <simpleng pangungusap>, atbp., at ng <pambansang wika>, <arithmetic>, atbp. Alamin ang "mga nais pag-aralan at nais alamin" kasama ang mga kaibigan at kawani. Nag-aaral ang mga tao mula sa iba't ibang bansa, kabilang ang mga Hapon.

**Sino** ① Mga nakatira, nagtatrabaho, o nag-aaral sa Ota-ku (16 taong gulang pataas)
② Mga marunong makipag-usap sa wikang Hapon (anuman ang nasyonalidad)

**Kailan** Mayo 22, 2022 (Lunes) – Pebrero 12, 2023 (Lunes) 24 beses lahat
Ika-1, Ika-2, at Ika-4 Linggo 2:00 pm - 4:00 pm

**Saan** Ota City Office, Consumer Center, atbp.

**Magkano** Libre

**Ilang tao** Kapasidad: 40 katao (first come, first serve)

**Paano mag-apply** Bumisita sa opisina para sa aplikasyon o tumawag

May pangangalaga: Mga batang 1 taon at 6 na buwan hanggang ika-3 baitang sa elementarya (first come, first serve)

**Mag-apply sa (Makipag-ugnay sa)** Namamahala sa Community Activities Promotion Division Co-Production Projects and Lifelong Learning
5-13-14 Kamata, Ota-ku Ika-6 na palapag, No.28 na tanggapan ng City Office
☎ 03-5744-1443 FAX 03-5744-1518

Inisyu ng Ota City Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
〒144-8621 5-chome-13-14 Kamata, Ota-ku ☎ 03-5744-1227 FAX 03-5744-1323
Ang information paper na ito ay iniisyu nang 8 beses kada taon sa 6 na wika (madaling Hapon, Ingles, Instik, Nepalese, Tagalog, Vietnamese). Ipinamamahagi ito sa mga city facilities tulad ng library, children's hall at branch office, at mga pangunahing city station tulad ng JR Kamata, Omori, at Keikyu Kamata.